# Balitang Manmin

BILANG 101 PEBRERO 2, 2014

## Nagkakaisa sa Espiritu ang mga Sangay na Iglesya ng Manmin

### Pinapasigla ng salita ng buhay at ng kapangyarihan ng Espiritu ang mga pastor at mga miyembro




Tinutupad ng Manmin Central Church at ng may 10,000 sangay at katuwang na iglesya ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa bansa at ang misyon sa buong mundo sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kabanalan at ng makapangyarihang pagkilos ng Diyos. Pinasigla ni Pastor Heesun Lee, tagapayong pastor ng Manmin sa buong mundo ang mga pastor at mga kaluluwa sa loob at labas ng Korea. Pinagaling niya ang mga ito mula sa maraming sakit na hindi nagagamot at inakay sila patungo sa paglutas ng mga problema. Ginamit niya ang panyong makapangyarihan na pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee (Ang Mga Gawa 19:11-12) at ibinigay ang lahat ng luwalhati sa Diyos.

Mula nang magbukas ito 31 taon na ang nakakaraan, ipinapanalangin na ng Manmin Central Church ang pagbabahagi ng ebanghelyo sa buong bansa at ang misyong pandaigdigan. Nanguna ang Punong Pastor Dr. Jaerock Lee sa mga krusada sa labing-apat na bansa tulad ng Estados Unidos, Israel, at Pakistan. Namuno siya sa pagbabahagi ng salita ng buhay at sa mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos sa pamamagitan ng mga libro na isinalin sa iba't ibang wika, mga diyaryo, at sa ministeryo ng pagbobrodkast. Pinagpala ng Diyos ang iglesya, napakalaki na nito at mayroong 10,000 sangay at katuwang na iglesya sa loob at labas ng Korea.

Isa sa mga sangay na iglesyang nabanggit ang Calgary Manmin Church sa Calgary, Alberta sa Canada. Idinaos nila ang ika-6 na anibersaryo noong Nobyembre 10, 2013 at si Pastor Heesun Lee ang naging tagapagsalita. Ibinahagi ni Pastor Lee ang mensaheng, "Man of Goodness" (Mabuting Tao) batay sa Lucas 6:27-38. Pagkatapos, nanguna siya sa pag-awit ng mga papuri at pananalangin na puspos ng Espiritu. Nagpasya ang mga miyembro na pagsikapang tuparin ang paggawa ng mabuti, kahit sa mga kaaway, at maghandog ng mabangong samyo ng pagpapasalamat at pag-ibig sa Panginoon ng may pagluha.

Aktibong nakapagdaos ng ministeryo si Pastor Heesun Lee, tagapayong pastor sa buong mundo, sa mga sangay na iglesya sa loob at labas ng Korea. Nangaral siya sa maraming pagsamba sa pagdiriwang ng mga anibersaryo, mga pulong na may panyong nakakapagpagaling, at mga pulong-panalangin na puspos ng Espiritu. Sa taong 2013, pinamunuan niya ang pitumpu't pitong mga pulong, at nakatakdang mamuno sa siyam pang mga pulong hanggang matapos ang kasalukuyang taon. Sa mga pulong na ito, tumanggap ng sagot sa mga dalangin ang mga miyembro ng iglesya, napuspos ng Espiritu, nagkaroon ng mas maalab na pag-asa para sa Langit, at pinatatag ang pagkakaisa ng mga iglesya sa daloy ng kabanalan.

Sinabi ni Pastor Jesu Choi, nagmiministeryo sa Gumi Manmin Church, "Dahil sa ministeryo ni Pastor Heesun Lee, nakasabay sa daloy ng espiritu ang mga sangay na iglesya sa Korea sa Manmin Central Church. Mas lalo pa nilang hinangad ang maging espirituwal."

Higit pa riyan, ipinakita niya ang pagpapagaling at mga kasagutan gamit ang panyong makapangyarihan. Ang panyong ito ay pinanalanginan ni Dr. Jaerock Lee, parang noong panahon ni apostol Pablo kung saan lumalabas ang kapangyarihan ng Diyos kapag ipinupunas ang mga panyong pinanalanginan niya sa mga maysakit (Ang Mga Gawa 19:11-12).

Noong Setyembre 2013, idinaos ni Pastor Lee ang pagsamba para sa anibersaryo at mga pulong na may makapangyarihang panyo sa Nagoya at Yamagata Manmin Church sa Japan. Sa pamamagitan ng panalangin niya na may panyo, gumaling ang mga tao mula sa mga sakit sa balat, at ang iba naman ay bumalik ang malinaw na paningin at pandinig.

Nagsagawa din siya ng ministeryo sa Europa. Noong Abril 2013, bumisita siya sa limang bansa tulad ng Belgium, Latvia, Estonia, at Bulgaria. Napakaganda ng naging epekto nito. Sinabi ng misyonerang si Christina Roh ng Hainut Manmin Church sa Belgium, "Nagkaroon ng espirituwal na pananampalataya ang mga iglesya at mga pastor at naging maalab ang buhay nila bilang mga Cristiano. Naging matatag ang pundasyon ng iglesya at patuloy ang pagsigla. Naging aktibo ang ministeryo at inasam ng mga tao ang ebanghelyo ng kabanalan at mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos."

Sa kasalukuyan, binabago ng ministeryo ng Manmin ang mga puso ng hindi mabilang na tao dahil sa maalab na paggawa ng Espiritu. Inaasahang hahayo sa lahat ng sulok ng mundo ang mga nakahanda at nagsanay na espirituwal na mandirigma para ipangaral si Jesu-Cristo, ang ebanghelyo ng kabanalan, at ang makapangyarihang panyo. Ipapahayag nila ang kalooban ng Diyos na naghahangad na mailigtas ang lahat ng tao.

# Ang Karunungan ay Higit kaysa Ginto

"Sapagkat ang pakinabang rito kaysa pilak ay mas mainam, at ang mapapakinabang dito ay higit kaysa gintong dalisay. Kaysa mga alahas, siya ay mas mahalaga, at wala sa mga bagay na ninanasa mo ang maihahambing sa kanya" (Mga Kawikaan 3:14-15).



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Iba-iba ang pinapahalagahan ng mga tao. Ang iba ay naghahangad na maging sikat habang para sa iba naman, mas mahalaga ang kapangyarihan sa lipunan at katalinuhan. At pinakamahalaga sa iba ang kayamanan. Para sa Diyos, ang karunungan ang pinakamahalaga. Sinasabi Niya na mas higit pa ito sa purong ginto. Sa mundong ito, walang makakapagbigay sa atin ng tunay na buhay o kapayapaan. Ang halaga ng karunungan ay lalago hanggang hindi na ito masusukat ayon sa paggamit natin nito at kung gaano ang natutuhan natin.

Karaniwan, ang karunungan ay maaaring hatiin sa dalawang kategorya. Ang una ay ang pangkalahatang karunungan na makukuha sa karanasan at pag-aaral at ang pangalawa naman ay karunungang mula sa langit na ibinibigay ng Diyos. Kahit napakarunong ng isang tao, ang pangkalahatang karunungan niya ay hindi makakaabot sa karunungang ibinibigay ng Diyos. Mababasa sa 1 Mga Taga-Corinto 1:25, "Sapagkat ang kahangalan ng Diyos ay higit na matalino kaysa mga tao, at ang kahinaan ng Diyos ay higit na malakas kaysa mga tao."

### 1. Ang kahalagahan ng karunungang mula sa Diyos

Ang karunungan ay paggamit ng mga kaalamang nakuha o natamo. Kahit nauunawaan ninyo ang isang situwasyon at may paraan kayo para makamit ang isang bagay, pero wala naman kayong karunungan, balewala ang pag-unawa ninyo. Maaaring magkaroon ng pag-unawa sa proseso ng pag-aaral, pero makakamit lang ang karunungan kapag inihanda ng isang tao ang sisidlan o ang puso niya para tanggapin ito.

Batid ng taong binigyan ng Diyos ng karunungan kung paano babaguhin ang kalooban ng mga tao sa paligid nila. Tumutulong sa kanila ang ibang tao kaya mabilis lang nilang natatapos ang mga bagay.

Pero ang mga walang dunong ay gumagawa ng gulo kahit mabuti ang gawain. Magkakaroon sila ng problema sa ibang tao at masasangkot sa mahihirap na situwasyon.

Ang mga taong marunong ay tatanggap ng pagmamahal at pagpapala sa pamamagitan ng mga sasabihin nila, pero masusuong sa paghihirap at mawawalan ng pagkakataon ang mga walang karunungan dahil sa mga sasabihin nila. Kung ikukumpara sa pag-aani ng bunga, kakaunti ang magiging ani kung walang karunungan. Kinalulugdan ng Diyos sa maraming paraan ang mga taong marunong kaya mabuti rin ang resultang nakukuha nila.

Nalulugod ang Diyos sa mga panalangin nila, palagi silang tumatanggap ng pagpapala Niya. Higit pa riyan, sila din ang gumagawa o naghahanap ng pagkakataon para tumanggap ng pagpapala ng Diyos. Kung mayroon tayong karunungang mula sa Diyos, mapapadali ang pagtanggap natin ng mga kasagutan sa mga dalangin natin, magbubunga tayo, at tatanggap tayo ng mga biyaya.

### 2. Tumanggap ng mga biyaya si Solomon dahil sa karunungan ng Diyos

Hindi pwedeng pag-usapan ang tungkol sa karunungan nang hindi nababanggit si Solomon. Siya ang nagmana ng trono ni David at nag-alay siya ng isang libong handog sa Diyos nang buong puso. Ang handog na sinusunog ay ginagawa sa pamamagitan ng pagsunog ng sakripisyo para mag-alay ng mabangong samyo sa Diyos. Ito ang pinakakaraniwang paraan ng pagsasakripisyo noong panahon ng Lumang Tipan. Sa kasalukuyang panahon, tumutukoy ito sa lahat ng pagsamba sa araw ng Linggo at mga pagsambang para sa mga pagdiriwang tulad ng Muling Pagkabuhay at Linggo ng Pagpapasalamat.

Naghandog ng tapat at mula sa puso si Solomon kaya napanaginipan niya ang Diyos na nagsasabi sa kanya, "Hingin mo ang dapat Kong ibigay sa iyo" (2 Mga Cronica 1:7). Hindi siya humiling ng katanyagan o kayamanan. Humiling siya ng karunungan at kaalaman na magagamit niya sa pamumuno sa mga tao. Nalugod ang Diyos sa kanya, binigyan siya ng karangalan at mga pagpapalang materyal na hindi niya hinangad (2 Mga Cronica 1:11-12).

Napakalaki ng karunungang tinanggap ni Solomon mula sa Diyos, nabalitaan ito ng reyna ng Sheba. Nagbigay din siya kay Solomon ng maraming alay. Sinabi niya, "Ang iyong karunungan at kasaganahan ay higit kaysa ulat na aking narinig" (1 Mga Hari 10:7).

Maraming nakakabatid ng tungkol sa matalinong paghatol ni Solomon sa 1 Mga Hari 3. Isang araw, may dalawang babaing nagdala ng isang sanggol sa harapan ni Solomon. Pareho nilang inangkin ang sanggol.

Halos sabay ang panganganak nilang dalawa. Napatay ng isa sa kanila ang sanggol nang hindi sinasadya at ipinalit niya ang patay na sanggol doon sa isang sanggol. Kinaumagahan, nakita ng pangalawang babae ang katabi niyang patay na sanggol. Lumapit ang dalawang babae kay Solomon, parehong umangkin sa sanggol. Sinabi ni Solomon, "Dalhan ninyo ako ng isang tabak." Dinalhan siya ng tabak ng mga tao. Sinabi ng hari, "Hatiin sa dalawa ang buhay na bata, at ibigay ang kalahati sa isa at ang kalahati ay sa isa naman."

Nagsalita ang babaing ina ng buhay na bata, nagdamdam siya para sa anak niya. Hiniling niya kay Solomon na ibigay na lang ang sanggol sa babae para mabuhay ito. Ang isang babae naman ay masaya sa hatol ng hari na hatiin ito. Sinabi ni Solomon na ang babaing nagmamakaawa para mabuhay ang sanggol ay ang tunay na ina nito. Ibinigay ng hari dito ang sanggol. Naunawaan niya ang pag-ibig ng ina na nagmamahal sa anak ng higit sa buhay niya.

Sa pamamagitan ng karunungan, mapapawalang-sala ang mga inosente, igagalang siya ng ibang tao sa matalino niyang paghatol.

### 3. Ang matalinong babae, si Abigail

Binago ni Abigail sa 1 Samuel 25 ang isang situwasyong banta sa buhay, tumanggap siya ng biyaya dahil sa karunungan niya. Ito ay nangyari noong tumatakas si David mula kay Haring Saul.

Nagugutom at nauuhaw si David at ang mga tauhan niya, hiniling nila kay Nabal, isang mayamang lalaki sa lugar, na tulungan sila. Inalagaan dati ni David ang bakahan ni Nabal. Pero bumaba ang tingin ni Nabal kay David nang humingi ito ng tulong sa kanya. Nagalit si David, sumugod siya sa bahay ni Nabal kasama ang 400 tauhan para patayin ito.

Nabalitaan ito ng asawa ni Nabal, si Abigail. Nagmamadali siyang naghanda ng tinapay at alak, at iba pang pagkain. Inilagay niya ito sa asno, at tumungo kay David. Ito ang pinakakailangan ni David at ng mga tauhan niya dahil tumatakas sila, kaya ito ang inihanda ni Abigail.

Makikita natin dito ang karunungan ni Abigail. Nang makaharap na niya si David, nagpatirapa siya sa lupa. Kahit dapat parusahan ng kamatayan ang ginawa ni Nabal, maalab at buong katapatang hiniling ni Abigail ang kapatawaran para sa asawa niya. Pinuri niya ang mabubuting katangian ni David para mapanatag ang isipan nito. Higit pa riyan, maingat niyang binanggit na hindi malulugod ang Diyos kung papatayin ni David ang mga tao sa sambahayan ni Nabal at dadanak ang dugo.

Sinabi ni David sa kanya, "Purihin nawa ang PANGINOON, ang Diyos ng Israel, na nagsugo sa iyo sa araw na ito upang salubungin ako! Purihin nawa ang iyong karunungan, at pagpalain ka nawa na pumigil sa akin sa araw na ito sa pagpapadanak ng dugo, at sa paghihiganti ng aking sariling kamay" (1 Samuel 25:32-33). Napawi ang galit niya.

Pagkatapos aliwin ni Abigail ang puso ni David, parang hari si Nabal na nagsasaya at naglalasing. Wala siyang sinabing kahit na ano sa asawa niya hanggang kinaumagahan. Nagpapatunay din ito na matalino siya. Batid niya kung anong sasabihin ng isang lasing na tao tungkol sa mga pangyayari. Dahil marunong siya, ibinalita niya sa asawa niya ang mga nangyari nang hindi na ito lasing. Natakot si Nabal, inatake siya sa puso at nanigas. Namatay siya pagkatapos ng sampung araw.

Dahil sa karunungan ni Abigail, naiwasan nila ang panganib na mapatay siya at ang buong sambahayan niya. Kung marunong o matalino tayo, magiging maayos kahit na ang maliliit na mga bagay, hindi na ito lalaki. Sa puntong ito, dapat nating hangarin ang karunungang mula sa Diyos na mas mahalaga pa sa mamahaling ginto.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, sinasabi sa Santiago 3:17, "Ngunit ang karunungang buhat sa itaas, una'y malinis, saka mapagpayapa, banayad, mapagbigay, puspos ng kaawaan, at ng mabubuting bunga, walang pagtatangi, walang pagkukunwari." Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na magkaroon nawa kayo ng karunungang mula sa Diyos at tamasahin ninyo ang mga biyaya bilang mga anak Niya.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee    Punong Patnugot: Geumsun Vin

# "At sinabi ng Diyos, 'Magkaroon ng liwanag'"

Inilalarawan ng Genesis 1 ang paglikha ng Diyos ng langit at lupa. Sinasabi ng Genesis 1:3-4, "At sinabi ng Diyos, 'Magkaroon ng liwanag'; at nagkaroon ng liwanag. Nakita ng Diyos na ang liwanag ay mabuti, at ibinukod ng Diyos ang liwanag sa kadiliman." Anong klaseng liwanag ito? Dahil wala pang araw noong panahong iyon, hindi ito sikat ng araw. At bakit inuna ng Diyos sabihing, 'Magkaroon ng liwanag'?

**Ang liwanag na nilikha sa unang araw ng paglalang ay ang 'orihinal na liwanag ng paglikha'.**

Sinasabi ng Juan 1:1, "Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos," Nabuhay ang Diyos bilang Salita at Liwanag (1 Juan 1:5). Ang Diyos na Liwanag na may tunog ay ang Diyos na Pinagmulan. Ang liwanag at tunog na may kapangyarihan at awtoridad ng Diyos ay ang 'Orihinal na Liwanag' at ang 'Orihinal na Tinig'.

Pinlano ng Diyos na Pinagmulan ang pangangalaga ng sangkatauhan at nagsimulang maging Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo. Pagkatapos, hinati Niya ang orihinal na kalawakan kung saan Siya ay liwanag at tinig sa espirituwal na kaharian at pisikal na kaharian.

Nilikha ng Diyos na may Tatlong Persona ang mundo sa pisikal na kaharian at sinimulan ang Paglikha sa tamang panahon. Sa unang araw, sinabi Niya, "Magkaroon ng liwanag". At pinalibutan ng orihinal na liwanag ang isang pisikal na lugar na kinabibilangan ng mundo. Ang itinutukoy na "isang pisikal na lugar" dito ay ang mundo, ang solar system, at ang kalawakan kung saan naganap ang anim na araw ng Paglikha.

Ang pinakagawain ng orihinal na liwanag na pumalibot sa isang pisikal na lugar ay ang "paglikha," kaya tinawag itong "ang orihinal na liwanag ng paglikha." Sa simula ng Paglikha, pinalibutan Niya ang mundo ng orihinal na liwanag ng paglikha, at dumagundong ang orihinal na tinig bawat araw habang nililikha ang bawat isang bagay sa sansinukob.

**Oo nga pala, bakit pinalibutan ng Diyos ang pisikal na lugar ng orihinal na liwanag ng paglikha sa unang araw ng paglalang?**

Una sa lahat, upang ihayag o itala ang paglikha sa daloy ng panahong espirituwal sa pamamagitan ng pagpapalibut ng espirituwal na lugar sa pisikal na lugar.

Sumabay ang pisikal na mundo sa pisikal na daloy ng panahon sa simula ng paglikha. Nagsimula ang pagbilang ng 24 oras sa puntong ito. Upang ihayag ang paglikha sa pisikal na lugar, binalutan ito ng Diyos ng orihinal na liwanag para matakpan ng espirituwal na lugar. Mas mabilis ang daloy ng panahon sa espirituwal kaysa sa pisikal. Ang mga gawain na tumatagal ng sampu o daan-daang taon sa pisikal na panahon ay matatapos ng isang araw sa espirituwal na lugar.

At ang isang bagay ay pwedeng likhain mula sa wala sa orihinal na liwanag ng paglikha. Sa lugar na binabalutan ng orihinal na liwanag, ang espirituwal na batas ang nasusunod. Lahat ng niloloob ng Diyos sa puso Niya ay mangyayari. Ang isang bagay ay nalilikha mula sa wala, at ang isang sangkap ay pwedeng maging buo at matigas, likido, o gas. Ang mga bagay ay dapat isagawa ayon sa batas na espirituwal kapag pinalibutan ng orihinal na liwanag at espirituwal na lugar ang pisikal na lugar.

Gawin nating halimbawa ang kanser na agad nawala sa pamamagitan ng panalangin. O kaya naman ang pumutok na 'appendix' ng isang tao at nagkaroon ng impeksyon, pero nawala ang pananakit at bumalik sa normal ang pakiramdam ng taong ito pagkatapos tumanggap ng panalangin. Ayon sa batas ng laman, dapat tanggalin ang kanser sa pamamagitan ng operasyon. Gayon pa man, kung may kasiguruhan ang tao sa Diyos, at mananalangin ito sa Kanya ayon sa hustisya, babalutin ng Diyos ang taong ito sa espirtuwal na lugar. Ganito ang nangyayari sa lahat ng pagpapagaling. Nabubuo ang mga nabaling buto, nabubuhay ang mga patay na ugat, nagiging normal ang nasirang himaymay ng laman, at marami pang iba. Sa bawat pangyayari, pinapalibutan ng orihinal na liwanag ang bahaging apektado, nagkakaroon ng espirituwal na lugar. At sa loob ng lugar na ito, magaganap ang muling paglikha.

Pangalawang punto; nang pinalibutan ng Diyos ang pisikal na lugar ng orihinal na liwanag, naitatag dito ang utos at tuntunin.

Halimbawa, may tuntunin na nagsasabing, "Ang mundo ay iikot ng isang beses sa isang araw, at iinog sa paligid ng araw sa isang taon." Hindi lang ang mga planeta sa solar system ang itinutukoy dito, kasama dito ang mga bituin na kumikilos sa isang orbit ayon sa sarili nilang bilis. Kahit napakaraming bituin sa langit, hindi sila nagkakagulo. Gumagalaw sila nang may kaayusan at tuntunin. Nagiging yelo ang tubig sa 0° degree Celsius, dumadaloy sa mahigit sa 0° at kumukulo at nagiging hamog sa 100°. Ang tuntunin ng panahon ay tagsibol, tag-init, taglagas, at taglamig.

Ang lahat ng tuntuning ito na kinakailangan sa pisikal na lugar ay itinatag sa unang araw. Sa ganitong paraan, itinatag ng Diyos ang utos at tuntunin para sa mga nilalang na lilikhain Niya sa orihinal na liwanag ng paglikha sa unang araw (Job 38:5).

Pangatlo, ang kapangyarihan at kabanalan Niya ay inilagay sa lahat ng nilalang.

Bumubuhay ng patay at nagpapalago ng mabuting buhay ang kapangyarihan ng Diyos. Kapag nagtanim kayo ng butil sa lupa, uusbong ito at tutubo. Ayon sa batas ng kalikasan, para mapatubo ang buto, kailangan nito ng matabang lupa, tubig, at sikat ng araw. Dahil inilagay ng Diyos ang kapangyarihan at kabanalan Niya sa lupa, tubig, sikat ng araw, at lahat ng nilalang, may buhay na sumisibol.

Padilim nang padilim ang orihinal na liwanag ng paglikha na bumabalot sa pisikal na lugar habang nababahiran ng kasalanan ang mundong ito. Tinanggal ito noong nagkaroon ng matinding pagbaha sa panahon ni Noe. Gayon pa man, nasa bawat nilalang pa rin ang liwanag, at kumikilos ito bilang napakahalagang enerhiya na humahawak at nagbibigay ng kalakasan sa lahat ng bagay na may buhay.

# "Pagpapalain ka sa pagpasok at paglabas mo" Binigyan ako ng ganitong pagpapala ng Diyos!

### Gumaling ako mula sa 'pollution disease' dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Noong 1991, nagkaroon ako ng 'pollution disease' (karamdaman na sanhi ng maruming kapaligiran). Nasa mga 30 taong gulang ako noong panahong iyon. Pinilit kong magpagaling mula sa kondisyong ito sa loob ng mahabang panahon pero lumala lang ito. Noong 1996, nagpaalam akong pansamantala sa trabaho sa Fair Trade Commission. Nilabanan ko ang karamdaman kong ito. Naging desperado ako.

Isang araw, nakabasa ako ng *Balitang Manmin*. Namangha ako nang mabasa ko ang patotoo ng isang mananampalataya na gumaling mula sa kanser. Hindi nagtagal, nakita ko ang librong isinulat ni Dr. Jaerock Lee na *Tasting Eternal Life before Death* sa Jongro Bookstore. Binili ko ito at binasa. Buong gabi akong umiyak habang binabasa ito. Nagkaroon ako ng pag-asa na gagaling ang karamdaman ko. Noong Hunyo 22, 1997, nagrehistro ako at ang pamilya ko sa Manmin Central Church.

Nalaman ko mula sa mensahe ni Dr. Lee na ang mga karamdaman ay nagmumula sa mga kasalanan. Kailangang magsisi tayo at mamuhay ayon sa Salita ng Diyos sa Biblia para gumaling. Magmula noon, nagsikap akong sundin ang salita ng Diyos na nakasulat sa Biblia at ang mga itinuturo ni Dr. Lee. Pagkatapos, tinanggap ko ang panalangin niya. Dahil dito, lubos na gumaling ang 'pollution disease' ko. Labimpitong taon na akong malusog.

### Naging espirituwal ako habang nagsisikap isabuhay ang Salita ng Diyos

Dahil sa pagpapasalamat ko sa Diyos sa pagpapagaling ng karamdaman ko, ibinalita ko ang tungkol sa Diyos na Nagpapagaling sa pamilya, kamag-anak, at mga kaibigan ko. Mahigit sa pitumpung miyembro ng pamilya at mga kamag-anak ko ang nagparehistro sa Manmin. Maalab ang buhay nila bilang mga Cristiano. Malaking pagpapasalamat ito!

Malinaw na itinuturo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee ang kalooban ng Diyos Ama sa mga mensahe niya. Palagi niyang itinuturo na ang pinakalayunin ng buhay ng isang Cristiano ay hindi lang ang maligtas, kundi maging mga tunay na anak ng Diyos. Ibig sabihin, dapat tayong maging banal, sumusunod sa kalooban ng Diyos.

Natanto ko na ang pinakagusto ng Diyos ay maging tunay na mga anak Niya tayo. Walang likas na kasamaan at hindi gumagawa ng kasalanan. Kaya nagsikap akong mapabanal, at mabayaran ang pagpapalang tinamo. Dinala ko rin ang pamilya at mga kamag-anak ko sa daan patungo sa kaligtasan. Nagsikap akong sundin ang mga Salita Niya na nagsasabing gawin, huwag gawin, at sundin.

Noong Disyembre 25, 2011, nakamit ko ang pagiging espirituwal at naaayon sa kalooban ng Diyos dahil na rin sa makapangyarihang pananalangin ni Dr. Lee para sa mga mananampalataya. Maligayang-maligaya ako, may kapayapaan at galak. Parang nasa Langit ang puso ko.

### Nagpapakita ng buhay-Cristiano na dapat tularan at tumutupad sa maraming tungkulin

Nagsimula akong magtayo ng mga grupo na may layuning mag-aaral tungkol sa pagpapabanal dahil gusto kong maranasan ng mga miyembro ng Sub-district Leaders Association and Finance Department ang tunay na kaligayahan sa buhay nila bilang mga Cristianong lider.

Sa loob ng walong buwan, mula Nobyembre 2012 hanggang Hunyo 2013, nakipagpulong ako sa may apatnapung mga lalaking lider ng sub-district tuwing Linggo. Pinag-aralan namin ang Biblia mula 8:30 – 9:30 ng umaga. Hindi nagtagal, may 200 tao na, kabilang ang mga miyembro ng finance department at iba pang miyembro ng iglesya. Sumama sila sa pag-aaral ng Biblia at nanalangin mula 7:20 – 8:20 ng gabi tuwing Linggo mula Abril hanggang Nobyembre 2013. Ang kaalaban at pagsisikap nila na mapabanal ay naging dahilan para magkaroon sila ng matatag na pananampalataya at maging espirituwal.

Lumaki ang pagmamahal ko para sa mga kaluluwa habang bumibisita sa mga tahanan ng mga manggagawa. Mas nakilala ko sila. Naimbitahan din ako sa mga pagtuturo sa mga pulong ng mga manggagawang Levita, sila ang mga nakatalagang maglingkod para sa iglesya. Inanyayahan din ako sa mga cell group para sa misyon ng mga kalalakihan, at marami pang ibang misyon. Nangaral ako sa mga pulong na ito. Binigyan ako ng Diyos ng pagpapala at kalakasan para matupad ko ng buong sikap ang mga tungkulin ko.

Noong Hunyo 27, 2013, nahirang ako bilang pangalawang tagapangulo ng United Holiness Church of Jesus Christ, inilaan ko na ang sarili ko para sa kaharian ng Diyos. Noong Disyembre 29, tumanggap ako ng certificate of merit (katibayan ng kahusayan) sa pangkalahatang pagpupulong ng iglesya. Dahil nakikita ng Diyos ang pagpapabanal at paglilingkod ko para sa kaharian Niya, binibigyan Niya ako ng mga biyayang pisikal at espirituwal.

### Umapaw ang mga biyaya sa pamilya, opisina, at kalusugan ko

Higit sa lahat, inalagaan ng Diyos ang kalusugan ko, hindi na ako naospital mula ng magparehistro ako sa Manmin Central Church. Noong taong 2011 ang grado ng mga mata ko ay 0.9/0.9, pero bumuti ito noong taong 2013, naging 1.2/1.2.

Nakabalik na din ako sa trabaho nang gumaling ako mula sa pollution disease. Nagsikap akong magtrabaho ng maalab, napili ako bilang ulirang lingkod ng mga mamamayan sa kagawaran ng odit at inspeksyon. Magmula noong taong 2010, dahil sa biyaya ng Diyos, nakapagtrabaho ako sa Lee & Ko Law Firm, isa itong malaking opisina ng abogasya at serbisyong legal.

Ang Mergers and Acquisitions (M&A) Practice Group ng Lee & Ko ay kilala sa pagiging pinakamahusay na M&A sa Asia. Sila ang humahawak ng malakihang kasunduang pang-negosyo kaya sila ang nasa pinakamataas na posisyon bilang 'market leader' sa Korea at sa buong Asia. Biniyayaan ako ng Diyos na mamunga ng masagana sa patas na pagnenegosyo, ako ang namamahala dito.

Nagsusulong ng masigasig na buhay ng Cristiano ang pamilya ko patungo sa Bagong Jerusalem. Ang asawa kong si Punong Diakonesa Mihyung Cho ay naglilingkod bilang lider ng distrito sa ika-4 na parish at sekretarya din siya ng samahan ng mga babaing lider ng distrito sa muling pagpapasigla ng iglesya. Ang anak na lalaki ko naman, si Kap. Jongseok Park ay nasa ika-apat na taon ng kolehiyo, nag-aaral siya ng 'sociology' sa Unibersidad ng Korea. Nakatuon siya sa pag-aaral, gusto niyang maglingkod sa kaharian ng Diyos. Nakatapos ng kolehiyo ang anak kong babaing si Kap. Sunyoung Park noong Agosto 2013, nakuha siya sa trabaho ng isang mabuting kumpanya sa taon din iyon. Nagsasanay siyang mabuti sa trabaho sa kasalukuyan.

Ang lahat ng pasasalamat at luwalhati ay ibinibigay namin sa Diyos. Wala na akong pag-asa dati dahil sa masasakit kong karamdaman, pero binigyan ako ng Diyos ng umaapaw na biyaya sa espiritu at katawan.




Elder Hongki Park
(1-4 Parish, Tagapayo ng Lee & Ko Law Firm)

> "Ipinangaral ko ang tungkol sa Diyos na Nagpapagaling na may mapagpasalamat na puso dahil pinagaling Niya ako mula sa 'pollution disease'.
> ...
> At dahil doon, mahigit sa pitumpung miyembro ng pamilya at mga kamag-anak ang nakarinig ng ebanghelyo. Naging espirituwal ako, naglilingkod ng tapat. Dahil dito, walang patid ang mga biyayang dumadating sa akin."



## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

| Manila Manmin Holiness Church | Bataan Manmin Holiness Church | Isabela Manmin Holiness Church | Cavite Manmin Holiness Church | Imus Manmin Holiness Church | Cebu Manmin Holiness Church | Davao Manmin Holiness Church |
|---|---|---|---|---|---|---|
| 441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>2-735-1423 | 067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>0910-262-5465 | Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas<br>Pastor Peter Bae<br>Pastor Lucy Lee<br>0905-649-1120 | 5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas<br>Pastor Sharon Cho<br>046-850-3193 /<br>0916-674-3903 /<br>0905-319-8191 | Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas<br>Pastor Jubeom Kim<br>0927-311-7633 | LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Pilipinas<br>Pastor Rossetta Sung<br>0921-635-7595 | 301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas<br>Pastor Kathryn Kim<br>0908-635-2714 |